**Ikaapat na Baitang**

# PAGLILILOK: TATLONG – DIMENSYONAL NA SINING

*Sa modyul na ito inaasahang makapaglililok ka sa pamamagitan ng iba't ibang bagay at pamamaraan.*

## ALAMIN MO

Ang paglililok ay isang pamamaraan sa paggawa ng tatlong-dimesyonal na sining (*3-D art*). Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng pagbabawas, paghuhugis o pag-uukit sa piraso ng midya tulad ng luwad, kahoy, bato, yelo o kahit anong bagay na buo para maging eskultura o magkaroon ito ng panibagong anyo.



Eskultura na ukit sa kahoy





## GAWIN MO

Maaari ka ring makapaglilok sa kamote o patatas.  Subukin mong lumilok ngayon ng isang bagay na gusto mo.  Maaaring hayop, bulaklak o gusaling maliit.

Ihanda ang mga kagamitan:

- kamote/patatas/luwad o putik na nahuhulma
- kutsilyo at matulis na patpat pang-ukit ngunit maging maingat sa paggamit ng matulis na bagay upang hindi masaktan
- plastik bag o dyaryong pangsapin sa mesang pagtatrabahuhan


Sundin ang panuntunan sa paglikha.

Paglilok sa Luwad.


1. Kumuha ng luwad na kasing-laki ng lukban o suha
2. Ilatag ang plastik sa lugar na paglililukan
3. Masahin ang luwad
4. Iporma ang luwad sa hugis ng bagay o hayop na ibig mong gawin
5. Gawin ang mga detalye sa pamamagitan ng pagtatabas o pag-uukit sa luwad upang lumabas ang kabuuang anyo ng iyong likhang sining
6. Hayaang matuyo ito hanggang tumigas.

Paglililok sa kamote/patatas

1. Ihanda ang kamote o patatas
2. Iguhit muna ang balangkas ng gusto mong ilikha.
3. Gawin ang detalye ng iyong likhang sining sa pamamagitan ng pag-ukit at pagtatabas nito.








## TANDAAN MO

Isang pamamaraan sa tatlong dimensyonal na sining ang paglililok. Tinatabasan, inuukit, kinikinis o pinupukpok ang mga midya gaya ng kahoy, luwad, plaster, bato, metal o mga prutas nang buo gaya ng kamote at patatas. May mga eskultor sa mga bansang malamig, gaya ng Alaska sa Estados Unidos, na gumagamit ng yelo (ice) bilang midya nila sa paglililok.



## PAGTATAYA

Sagutin ang puzzle:





Pahalang

1. minamasa muna ito bago ihulma
2. matigas ito at kailangang palambutin muna sa apoy o hinangin para magkahugis
3. Isang paraan na ginawa ng isang iskultor para lumabas ang magandang anyo
4. kadalasang tinitipak, matigas din pero di kailangan ang apoy
5. midyang ginagamit sa malalamig na lugar upang makabuo ng eskultura

Pababa

1. may likha ng oblation sa UP
2. isang pamamaraan sa pag-gawa ng (3-D) tatlong dimensyonal na sining
3. kadalasan itong midya sa paglililok
4. bahagi ng kahoy
5. disenyong ukit ng Maranaw





Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.